Ang sinumang nagsabi, kapag naririnig niya ang mu'adhdhin, ng: Ashhadu an lā ilāha illa -llāhu waḥdahu lā sharīka lah, wa-anna muḥammadan `abduhu wa-rasūluh. Raḍītu bi-llāhi rabban, wa-bi-muḥammadir rasūlan, wa-bi-l'islāmi dīnā. (Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allāh — tanging Siya: walang katambal sa Kanya; at na si Muḥammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya. Nalugod ako kay Allāh bilang Panginoon, kay Muḥammad bilang Sugo, at sa Islām bilang Relihiyon.), patatawarin para sa kanya ang pagkakasala niya."}

Ayon kay Sa`d bin Abī Waqqāṣ (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Sugo ni Allāh (basbasan Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Ang sinumang nagsabi, kapag naririnig niya ang mu'adhdhin, ng: Ashhadu an lā ilāha illa -llāhu waḥdahu lā sharīka lah, wa-anna muḥammadan `abduhu wa-rasūluh. Raḍītu bi-llāhi rabban, wa-bi-muḥammadir rasūlan, wa-bi-l'islāmi dīnā. (Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allāh — tanging Siya: walang katambal sa Kanya; at na si Muḥammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya. Nalugod ako kay Allāh bilang Panginoon, kay Muḥammad bilang Sugo, at sa Islām bilang Relihiyon.), patatawarin para sa kanya ang pagkakasala niya."}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang nagsabi, kapag naririnig niya ang mu'adhdhin, ng: "Ashhadu an lā ilāha illa -llāhu waḥdahu lā sharīka lah," (Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allāh — tanging Siya: walang katambal sa Kanya)," na nangangahulugang: Naninindigan ako, kumikilala ako, at nagpapabatid ako na walang sinasamba ayon sa karapatan kundi si Allāh at ang bawat sinasambang iba sa Kanya ay kabulaanan; "wa anna muḥammadan `abduhu wa-rasūluh. (at na si Muḥammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya.)," na nangangahulugang: Na siya ay isang lingkod na hindi sinasamba at isang sugo na hindi nagsisinungaling; "Raḍītu bi-llāhi rabban, (Nalugod ako kay Allāh bilang Panginoon,)," na nangangahulugang: Sa pagkapanginoon Niya, pagkadiyos Niya, at mga pangalan Niya at mga katangian Niya; "wa-bi-muḥammadir rasūlan, (kay Muḥammad bilang Sugo)," na nangangahulugang: Sa lahat ng ipinasugo sa kanya at ipinaabot niya sa atin; "wa-bi-l'islāmi dīnā, (at sa Islām bilang Relihiyon.)," na nangangahulugang: sa lahat ng mga patakaran ng Islām na mga ipinag-uutos at mga sinasaway. Ang "bilang Relihiyon" ay

nangangahulugang: bilang paniniwala at bilang pagpapaakay. Ang "patatawarin para sa kanya ang pagkakasala niya" ay nangangahulugang: mula maliliit na kasalanan.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/6272